



Paparating Na ang Mga Pagbabago sa Medi-Cal

Simula sa Enero 1, 2026: Mga paghihigpit sa pagpapatala sa Medi-Cal para sa mga hindi nakadokumentong Californian

Ang mga hindi nakadokumentong Californian na may edad na 19 na taon pataas *na hindi nakakatanggap sa kasalukuyan ng mga benepisyo ng Medi-Cal* ay hindi na magiging kwalipikado para sa kumpletong saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng Medi-Cal.

Kung mayroon kang saklaw, mananatili kang kwalipikado basta't mananatili kang nakatala – anuman ang iyong status sa immigration. Tiyaking susundin mo ang mga tagubilin sa recertification para mapanatili mo ang iyong mga benepisyo.

Mag-apply Ngayon

Lubos na hinihikayat ng Ahensya ng Mga Serbisyong Pantao ng San Francisco ang mga hindi nakadokumentong miyembro ng komunidad na may edad na 19 na taon pataas na mag-apply para sa Medi-Cal **bago ang** Enero 1, 2026:

- Online: [BenefitsCal.com](https://www.benefitscal.com)
- Sa pamamagitan ng telepono: [\(415\) 557-5000](tel:(415)557-5000)
- Sa personal: [1235 Mission Street](#) | [1440 Harrison Street](#) | [3120 Mission Street](#) | [2 Gough Street](#)

Mag-recertify para Mapanatili ang Iyong Mga Benepisyo

Tiyaking susundin mo ang mga tagubilin sa recertification kapag panahon na para i-renew ang iyong Medi-Cal para mapanatili ang iyong mga benepisyo. Tandaan, kung sinasaklaw ka na bago pa ang Enero 1, 2026, mananatili ka lang na kwalipikado kung mananatili kang nakatala—anuman ang iyong status sa immigration.

Manatiling updated

Manatiling may alam! Bumisita sa [SFHSA.org/BenefitChanges](https://www.sfhhsa.org/benefitchanges) para sa mga pagbabago sa kung paano at kailan mangyayari ang mga pagbabagong ito, at para sa impormasyon tungkol sa mga pagbubukod at maaapektuhang karagdagang grupo.

Huling na-update ang dokumentong ito noong: Oktubre 22, 2025